22130075

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**FILIPINO A: LITERATURE – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**FILIPINO A : LITTÉRATURE – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A: LITERATURA – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Wednesday 8 May 2013 (morning)
Mercredi 8 mai 2013 (matin)
Miércoles 8 de mayo de 2013 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a guided literary analysis on one passage only. In your answer you must address both of the guiding questions provided.
- The maximum mark for this examination paper is *[20 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez une analyse littéraire dirigée d'un seul des passages. Les deux questions d'orientation fournies doivent être traitées dans votre réponse.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est *[20 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un análisis literario guiado sobre un solo pasaje. Debe abordar las dos preguntas de orientación en su respuesta.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[20 puntos]*.


© International Baccalaureate Organization 2013

https://xtremepape.rs/

*Magsulat ng isang ginabayang pagsusuring pampanitikan sa* ***isang*** *sipi lamang. Sa iyong sagot, kailangang tugunan mo ang nakalaang dalawang gabay na tanong.*

**1.**

"**NANAY, SANA BAGO NINYO BINUROL SI TATAY** sa bahay ay naisipan ninyo kung papaano natin siya mailalabas sa eskinitang ito! Ngayon, hindi lamang problema sa pera ang ipapamana niya sa atin kundi pati na rin ang pahabol niyang mana kung papaano natin siya maililibing!" ani ng labing-pitong taong-gulang na si Angie.

Tama nga naman ang bata. Kasi naman, bakit nga ba siya nataranta muna bago nag-isip! Kung sa bagay makitid nga naman ang eskinita dito sa Pael lalo na't magkakadikit na ang mga bahay dito. Isang daan, dalawang daan, kahit na ilang ulit pa niya itong bilangin ay kukulang pa rin ang perang kaniyang naipon! Hindi malaman ni Mila Manikurista kung saan siya makakakuha ng perang ipapambayad sa embalsamador. Saan siya kukuha? Magnanakaw na lang ba siya sa bangko? Mangungutang ng 5–6?

Nakatayo ang kabaong nang ipasok ito sa eskinita kahit wala si Jimmy. At naroroon ang kanilang mga kapitbahay para makumpleto ang "nakakatuwang pagpapakita" ng di niya sinasadyang ipalabas. Halos dumugo na ang kaniyang mga tainga sa umaalingawngaw na hagikgikan at pagtutuya ng mga kapitbahay niyang hangal! Habang tumatagal sa bahay ang kabaong lalo lamang lumalaki ang kaniyang gastusin. …

Parang tsubibo kung umikot si Mila sa sarili niyang bahay. Nagkalat ang mga damit, gamit at tao sa bahay. Nakipagsiksikan ang mga usisero't usisera, napuno halos ng mga tao ang dalawang bintana ni Mila. Binigyang buhay ng mga taong pumaparoo't parito ang malungkot at masikip na bahay ni Mila. Halos walang pinagkaiba sa natarantang ipis ang mga taong gustong makisawsaw sa aksyong gaganapin. …

"Inay, paano ba makakapasok sa eskinita si Bise, e di ba mataba po iyon? Dapat siguro patagilid siyang pumasok!" Nagtawanan ang lahat sa sinabi ni Angie.

"Aba, nariyan na si Bise!"

Umugong sa buong bahay ang pangalan ni Bise habang paulit-ulit na inaayos ni Mila ang nag-iisang ternong palda't blusa.

"Magandang gabi po, Sir."

"A Mila, para wala nang mamalasin ay ipapahiram ko ang kreyn para sa bubong na lamang idadaan si Jimmy!"

"Naku, salamat po!"

"Maghanda ka bukas at maaga tayong magtatrabaho."

"Mga kababayan, huwag ninyong kakalimutan si Bise. Alam ninyo naman na MAHAL na MAHAL niya kayo!" Sigaw ng isa at sabay-sabay nagpalakpakan ang lahat.

Hindi na nagulat si Mila sa dami ng taong nagsiksikan at nagpapaypay sa labas ng bahay niya.

"O, dahan-dahan lang ang pagbuhat at baka malaglag!"

"Aling Mila, sisikat na kayo niyan. Biro mo, magara ang paglibing kay Manong Jimmy!"

Halos sumabog ang dibdib ni Mila sa sobrang tuwa kung kaya't kahit siya mismo ay nagulat nang bumagsak ang kabaong sa bahay ni Aling Estrella. Halos mabingi ang lahat sa lakas ng tili ni Aling Estrella.



https://xtremepape.rs/

"Susmaryosep! Ito na ba ang sinasabi sa akin ng manghuhula na may isang bagay na lalagpak sa buhay ko! Akala ko pa naman ang lalagpak sa buhay ko ay ang mababalitaan kong mananalo ako sa Lotto. Paano iyan, dapat akong magpatawas kay Aling Kaka! Aling Kaka! Nasaan ka? Paano na iyan? Mamalasin na ako?"

"Ikaw naman kasi, e, masyado kang sosyal, kung hindi sana maarte e di sana sa bintana mo na lang idinaan ang kabaong. E di kokonti lang ang iyong mamalasin."

Lalong nagkagulo ang lahat sa nakita. Hindi mapigilan ni Mila ang umiyak, mabuti na lamang at binuhat muli ang kabaong. Ililibing si Jimmy sa publikong sementeryo, dahil dito obligado ang lahat na dumaan sa EDSA. Habang naghihintay sa daan, panay naman ang kuwentuhan ng mga tao.

"Ito kasing si Meyor noong bago pa ako pumunta sa Maynila sumulat sa akin ang pinsan ko na huwag daw ako mag-alala dahil sa Magallanes Village daw siya nakatira. E sa awa ng Diyos pagdating ko laking gulat ko nang malaman ko na sa Magallanes Gilid pala! Mabuti pa ang mga dayuhan may matitirhan sa Pinas, e tayo naman ang walang matirhan. Sawa na ako sa pagilid-gilid!" wika ni Tonyo.

"E kung gusto mong magpatayo ka sa EDSA, sikat ka pa."

"Aba! Hindi lang iyan, lagi na lang tayo ang kawawa. Bakit ba ganyan ang ating gobyerno? Tingnan ninyo na lang yung nangyari sa Abu Sayyaf, kung hindi pa pupukpukin ang kanilang mga ulo, walang magsisikilos. Dapat siguro may mamatay rin sa atin para maging kahindik-hindik rin tayo para maayos ang problema!" tugon ni Ompong.

Hindi na pinansin ni Aling Mila ang mga pinag-uusapan ng mga taong nakapaligid sa kaniya basta ang importante maililibing na sa wakas si Jimmy. Sobra-sobra na ang mga paghihirap na dinanas niya. Umasa na lang siya na hindi sila bibigyan ng panibagong problema tulad ng pagtitirik ng sasakyan! Mabuti na lang at mabait itong si Bise at hindi lamang kreyn ang ipinahiram kundi pati mga bus. Makakahinga na nga siya nang maluwag. Akala talaga niya hindi na makakalabas si Jimmy. Kung hindi lamang naiiyak noong mga huling araw ay baka pati si Darna ay hingan pa niya ng tulong! Saan naman kaya makakita ng libing, kreyn ang nagsisilbing karo ng patay?

Elyrah Salanga, *Eskinita* (2011)

(a) Suriin ang paglarawan kay Mila at magkomento sa kabuluhan ng kanyang sitwasyon sa sipi sa pangkabuuan.

(b) Siyasatin ang papel na ginampanan ng mapagpatawang tono at/o diyalogo sa sipi.



https://xtremepape.rs/

**2.**

**Basahan**

Maraming gamit ang lako mong
bilog na basahan: pamunas
ng anumang duming dumikit
at kung di lamang maliit
ay puwede nang isabit
at gawing kurtina.
Kaya tama lamang na lambi-lambitinan
o hara-harangin mo ang mga sasakyan
upang isungalngal at ipakagat sa lahat
ang kadakilaan ng iyong paninda.

Marami talagang gamit ang alok mong
bilog na basahan: pamunas
sa katawang may banil ng gutom,
pamahid sa balisang
bumibilasa sa pisngi ng ina,
at puwede na ring unan at kutson
ng mga uhugin mong kapatid
na alumpihit sa alalahaning
may bukas kaya na may makakain.

Bilib na sana ako
sa bilog mong basahan
kung di lamang ngayo'y
may di ito magampanan:
walang maglakas-loob
na ito'y ipamunas
sa dugo mong sa *gutter*
ay naligwak.

Michael M Coroza, *dili't dilim* (1997)

(a) Talakayin kung paano itinanghal ang bilog na basahan sa tula at ang naging kabuluhan nito.

(b) Magkomento sa pagkamabisa ng struktura ng tula.



https://xtremepape.rs/